

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Gugunitain ng Lungsod ang ika-50 anibersaryo ng pagbagsak ng Air Canada Flight 621 sa Brampton

BRAMPTON, ON (Hunyo 25, 2020) – Sa Linggo, Hulyo 5, sa 11 am, gugunitain ng Lungsod ng Brampton ang ika-50 anibersaryo ng malagim na pagbagsak ng Air Canada Flight 621 sa East Brampton. Ang mga biktima sa trahedyang ito ay gugunitain sa isang seremonya sa online video at ang mga bandera sa lahat ng pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay nasa may gitna ng poste (half-mast).

Ipapakita ang seremonya sa www.brampton.ca/bramptonremembers, at sa @CityBrampton sa YouTube, Twitter at Facebook.

Maaaring ibahagi ng komunidad ang mga mensahe, mga alaala at mga pakikiramay sa isang online guestbook sa www.brampton.ca/bramptonremembers.

Purple Lilac Memorial Park

Para markahan ang 50 taon mula nang pagbagsak at magbigay ng handog sa mga biktima, pinalitan ang pangalan ng Purple Lilac Park at naging Purple Lilac Memorial Park, na matatagpuan sa lugar na binagsakan, 72 Degrey Drive. Ang mga punong lilac ay tumubo sa memorial site sa parke, kung saan ang 109 na granite stones sa daanan ay nagpupugay sa bawat biktima. Ang isang malaking plake sa malaking granite boulder ay nagtatala sa mga pangalan ng mga biktima.

Ang Lungsod ay nasa proseso ng pagtalaga sa parke bilang isang kultural na heritage resource sa ilalim ng Ontario Heritage Act.

Background

Noong Hulyo 5, 1970, ang Air Canada Flight 621, isang Douglas DC-8 aircraft, ay bumagsak sa isang sakahan sa isang lugar sa Castlemore, ngayon ay Castlemore Road at McVean Drive. Ang eroplano ay nagtangkang lumapag sa Toronto International Airport para sa isang nakatakdang stopover mula sa Montreal, papunta sa Los Angeles International Airport.

Ang lahat ng 109 na indibidwal ng flight, 100 pasahero at siyam na miyembro ng crew ay nasawi. Sa panahon ng pagbagsak, ang Air Canada Flight 621 ay ang ikalawang pinaka-nakamamatay na pagbagsak ng aviation sa Canada. Nananatili itong isa sa pinakamasamang pagbagsak ng eroplano na nag-uugnay ng mga Canadian sa buong mundo. Ang mga biktima ay kinabibilangan ng mga Canadian mula sa Montreal at Vancouver, at mga Amerikano. Apatnapu't siyam ang nakilala at tatlo ang hindi nakilalang biktima ng Flight 621 ang inilibing sa Mount Pleasant Cemetery sa Toronto. Hindi lahat ng biktima ng pagbagsak ang na-recover.

Para malaman ang higit pa tungkol sa pagbagsak ng Air Canada Flight 621 at sa paggunita ng Lungsod, bumisita sa www.brampton.ca/bramptonremembers.

Mga Quote

“Limampung taon ang nakalipas, ang Air Canada Flight 621 ay bumagsak sa Brampton, na nagpabago sa mga buhay ng marami. Ang masakit na alaalang ito ay isang mahalagang parte ng kasaysayan ng Brampton. Sa mahigpit na mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba na ginagawa dahil sa COVID-19, hindi natin maidaos nang personal ang paggunita sa Purple Lilac Memorial Park. Hinihiling ko na sumali kayo sa amin sa Hulyo 5 para sa isang online memorial para parangalan ang mga buhay na nasawi sa trahedyang.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagbagsak ng Air Canada Flight 621 ay isang malagim na pangyayari na hinding-hindi makakalimutan ng Brampton. Sumali sa amin online sa Hulyo 5 dahil magbibigay kami ng parangal sa mga buhay na nawala at sa lahat ng mga apektado. Hinihikayat ko kayo na bumisita sa Purple Lilac Memorial Park nang ikaw lamang o kasama ang iyong pamilya.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“50 taon na mula nang malagim na pagbagsak ng Air Canada Flight 621, at naalala ng Brampton. Kahit na hindi natin magunita nang personal ang pangyayaring ito, ang Purple Lilac Memorial Park ay isang magandang handog sa mga biktima. Pakibisita sa www.brampton.ca/bramptonremembers sa Hulyo 5 para tingnan ang panseremonyang video at pumirma sa guestbook.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Maaaring hindi tayo makapagtipon nang personal para gunitain ang ika-50 taong anibersaryo ng pagbagsak ng Air Canada Flight 621, ngunit mahalagang patuloy nating gunitan ang pangyayaring ito. Lumikha ang Lungsod ng isang online hub para gunitain ang pagbagsak, kasama ang panseremonyang video, isang guestbook at marami pa. Ang panseremonyang video ay nagpaparangal sa mga nawalang buhay, sa mga patuloy na naaapektuhan ng malagim na pangyayaring ito, ang mga unang tumugon, ang mga pamilya ng mga pasahero at ang flight crew, at mga nakatira sa lugar nang panahong iyon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca